5

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang 5 FILIPINO Modyul 3


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Precilla R. Pamo |
| **Illustrator:** | Precilla R. Pamo |
| **Layout Artist:** | Anna Lisa T. Magbitang |
| **Content Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz    Ms. Marites M. Tabor |
| **Language Editor:** | Mrs. Ofelia F. Cruz    Dr. Rickson B. Saydoquen, |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Mauro C. De Gulan, SDS SDO-Malabon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO-Malabon City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Ms. Ofelia F. Cruz SDO EPS, Filipino/ MTB Malabon City<br>Ms. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO-Malabon City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDOII  SDO-Malabon City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# MODYUL 3: PAG-UULAT TUNGKOL SA NAPANOOD PAGSUSURI SA MGA TAUHAN/TAGPUAN SA NAPANOOD NA MAIKLING PELIKULA

## Inaasahan

- Nakapag-uulat tungkol sa napanood F5PD-IIIb-g15
- Nasusuri ang mga tauhan/tagpuan sa napanood na maikling pelikula F5PD-IIIc-i-16

## Unang Pagsubok

**A. Panuto:** Suriin ang pangunahing tauhan mula sa huling pelikula o palabas sa telebisyon na iyong napanood. Ibigay ang ginampanan (protagonista o antagonista), katauhan, katangian, at kalagayan ng tauhan.

| |
|---|
| Pamagat ng Pelikula: |
| Pagsusuri sa Tauhan |

**B. Panuto:** Suriin ang tagpuan. Tukuyin kung kailan at saan naganap ang mga pangyayari. Ilarawan ang lugar at panahon kung kailan ito naganap.

| |
|---|
| Pagsusuri sa Tagpuan |

## Balik-Tanaw

**A. Panuto:** Basahin ang mga pangyayari. Ayusin ito ayon sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod upang makabuo ng isang talata. Lagyan ng bilang 1-4 sa loob ng kahon upang matukoy ang una, pangalawa, pangatlo at huling pangyayari.

☐ Nagsimula siya sa pakikipag-usap sa mga may-ari ng sari-sari *store* sa kanilang lugar. Hiniling niya na kung maaari ay sa kanila na kumuha ng bigas na ibebenta sa sari-sari *store*.

☐ Ipinagpatuloy ni Benjie ang kaniyang ginagawa hanggang sa unti-unting umunlad ang negosyo ng kaniyang mga magulang. Sa kasalukuyan, isa na sila sa itinuturing na may maunlad na negosyo sa kanilang lugar. Bunga ito ng kaniyang tiyaga at tapat na pakikitungo sa mga nagtitiwala sa kanila.

☐ Pagkatapos pumayag ang mga may-ari, lagi silang naghahatid ng mga bigas. Sinisigurado ni Benjie na maganda ang kalidad ng kanilang inihahatid na produkto. Naging magiliw din siya sa pakikitungo sa mga may-ari.

☐ Nais ni Benjie na mapaunlad ang negosyo ng kaniyang mga magulang sa pagbebenta ng bigas. Umisip siya ng paraan upang mas dumami pa ang kanilang ipinagbibili.

**B. Panuto:** Gumawa ng mga tanong mula sa nabuong talata.

Ano: ______________________________________________
Sino: ______________________________________________
Kailan: ______________________________________________
Bakit: ______________________________________________
Paano: ______________________________________________

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Kapag ikaw ay nanonood ng palabas, nauunawaan at natatandaan mo ba ang iyong napanood? Maiuulat mo ba itong muli sa mga hindi nakapanood?

Upang maiulat ang iyong napanood, alamin ang mga detalye nito.

- Ano ang paksa ng iyong napanood?
- Sino-sino ang mga taong nabanggit at may kaugnayan sa napanood?
- Saan ito naganap?
- Bakit ito naganap?
- Paano ito naganap?

Pagsama-samahin ang mga detalye upang mabuo ang ulat. Bigyan ng angkop na panimula, gitna at wakas ang iyong ulat.

Bukod sa mga palabas sa telebisyon, nakapanood ka na ba ng mga pelikulang akma sa iyong edad? Alin sa mga ito ang iyong nagustuhan? Bakit mo ito nagustuhan?

Sa bawat pelikula na iyong napapanood, mayroon itong mga tauhan, tagpuan at pangyayari. Ang tauhan ay tumutukoy sa mga gumaganap sa pelikula. Ito ay maaaring tao, mga bagay o hayop na nagsasalita, o mga nilalang na nagbibigay-buhay sa mga eksena. Kasama rito ang bida, kontrabida at mga suportang tauhan. Ang bida o protagonista ang pangunahing tauhan. Sa kaniya umiikot ang kuwento. Ang kontrabida o antagonista naman ang hadlang sa mga layunin ng pangunahing protagonista.

Ang mga katangian ng isang tauhan ay mailalarawan ayon sa kanyang kilos, iniisip at pananalita sa pelikula. Maituturing na bilog (*round*) ang isang tauhan kung nagkakaroon ng pagbabago sa kaniyang katangian o ugali. Maaaring mula sa pagiging masama ay maging mabuti siya dahil sa mga pangyayari sa pelikula. Maituturing na lapad (*flat*) ang tauhan kung walang naging pagbabago sa kaniyang pag-uugali o katangian. Halimbawa ay mula sa umpisa hanggang sa katapusan ng pelikula ay nanatili siyang matapat at masipag.

Ang tagpuan ay tumutukoy sa lugar kung saan naganap ang mga pangyayari at ang panahon kung kailan ito naganap.

Bilang isang mag-aaral, maaari mong suriin ang tauhan at tagpuan sa iyong pinanonood. Paano mo ito gagawin?

Sa pagsusuri ng tauhan, alamin kung ano ang ginagampanan nito. Siya ba ang bida o kontrabida? Ano ang kaniyang katangian? Ano ang kaniyang suliranin at paano niya ito nabigyang solusyon? Nagkaroon ba ng pagbabago sa kaniyang ugali, pananalita at damdamin sa pelikula?

Sa pagsusuri ng tagpuan, ilarawan ang lugar at panahon ng mga pangyayari sa pelikula. Ipaliwanag kung paano ito nakatulong upang mabigyang-buhay at maipahatid ang mensahe ng pelikula.

## Gawain

**A. Panuto:** Suriin ang pangunahing tauhan at tagpuan sa napanood na pelikula o programang kinapulutan ng aral. Gamitin ang tsart bilang gabay sa gagawing pagsusuri sa napiling tauhan.

**Pamagat ng Napanood na Pelikula/Programa sa Telebisyon:**

______________________________________________

**Tauhang susuriin:**

______________________________________________

| | |
|---|---|
| Ano ang ginagampanan ng tauhan? | |
| Ano ang katangian ng tauhan? | |
| Ano ang kaniyang suliranin? | |
| Nabigyang solusyon ba ang kaniyang suliranin? Opo o hindi po? Bakit? | |
| Akma ba ang mga kilos, pananalita at damdamin ng tauhan sa pelikula? Magbigay ng halimbawa ng eksenang susuporta sa iyong sagot. | |
| Anong aral ang nais ipahatid ng tauhan? Paano mo ito magagamit sa iyong sarili? | |

**B. Panuto:** Suriin ang tagpuan sa pelikula. Gamitin ang mga gabay na tanong.

Pamagat:
______________________
______________________
__________________
Tagpuan:
Saan at kailan naganap ang pelikula?
______________________
_________________
______________________
______________________
______________________

Maaari mong suriin ang mga tauhan at tagpuan sa pelikula na iyong pinanonood. Ang pagiging mapanuri ay isang kasanayan na makatutulong upang higit na maunawaan ang mensahe o aral na nais iparating ng pelikula.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Magkaroon ng pag-uulat tungkol sa COVID-19 batay sa iyong napanood tungkol dito. Gamitin ang mga tanong sa ibaba upang maging gabay. Isulat ang nabuong ulat.

1. Ano ang COVID-19?
2. Saan ito nagmula?
3. Sino ang maaaring mahawa nito?
4. Kailan nagkaroon ng unang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas?
5. Paano maiiwasan ang COVID-19?
6. Bakit kailangang maging maingat laban sa sakit na ito?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**A. Panuto:** Nais ng iyong kaibigan na manood ng isang pelikula. Anong pelikulang dokumentaryo tungkol sa mga bayani ng ating bansa ang iyong irerekomenda sa kaniya? Suriin ang katangian ng tauhan at tagpuan sa pelikula.

| |
|---|
| Pamagat ng Pelikula: |
| Tagpuan:<br>Pagsusuri sa Tagpuan |
| Tauhan:<br>Pagsusuri sa napiling tauhan |

Rubrik sa pagsusuri ng tauhan at tagpuan:

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Naibigay ang katangian ng tauhan | | | | | |
| Natukoy ang damdamin at kilos ng tauhan | | | | | |
| Natukoy ang aral o mensahe ng karakter na ginampanan ng tauhan | | | | | |
| Nailarawan at nasuri ang tagpuan | | | | | |
| 5 – Pinakamahusay - kompleto sa detalye at malinaw ang ginawang pagtalakay<br>4 – Mahusay - maayos ang pagtalakay nguni't kulang sa detalye<br>3 - Katanggap-tanggap - kompleto ang detalye nguni't di-gaanong maayos ang ginawang pagtalakay<br>2 – Mapaghuhusay pa - kulang sa detalye at pagtalakay<br>1 – Kailangan ng Ibayong Pagsasanay - di sapat ang paghahanda | | | | | |

B. **Panuto**: Manood ng balita tungkol sa bakuna laban sa Covid-19. Gumawa ng isang ulat tungkol dito na binubuo ng 1 talata na may 7-10 pangungusap.

| |
|---|
| |

Rubrik para sa Nag-uulat sa Napanood:

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Naibigay ang mahahalagang detalye | | | | | |
| Naisaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari | | | | | |
| Nagamit nang wasto ang wika sa pag-uulat | | | | | |
| 5 - Pinakamahusay<br>4 - Mahusay<br>3 - Katanggap-tanggap<br>2 - Mapaghuhusay pa<br>1 – Kailangan pa ng ibayong pagsasanay | | | | | |

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**
Tanggapin ang mga sagot na akma sa gawain sa A at B.

**Balik tanaw**
**A.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **2** | **4** | **3** | **1** |

**B.** Halimbawa ng sagot:

Ano: Ano ang katangiang ipinakita nit Benjie?
Sino: Sino ang mga bumibili ng bigas kina Benjie?
Kailan: Kailan naging maunlad ang kanilang negosyo?
Bakit: Bakit nakipag-usap si Benjie sa mga may-ari ng sari-sari store?
Paano: Paano tumulong si Benjie na mapaunlad ang kanilang negosyo?

**Gawain A** (Halimbawa ng sagot)
Pamagat ng Pelikula: Dayo sa Mundo ng Elementalia
Tauhan na susuriin: Buboy

| |
|---|
| 1. Si Buboy ang protagonista sa pelikula. |
| 2. Isang palakaibigang bata si Bubuy. Sa simula ay mahina at laging binubully ng kaniyang mga kaklase si Buboy. Makikita ito sa eksena kung saan pumayag siyang ibigay ang kaniyang baon at sinunod ang kagustuhan ng mga kaklaseng nambubully.<br><br>Mapagmahal siya na apo dahil nagpunta sa mundo ng Elementalia at nakipaglaban sa iba't ibang nilalang upang maligtas ang kaniyang lolo at lola. |
| 3. Kailangang mailigtas ni Buboy ang kaniyang lolo at lola at mundo ng Elementalia. Nagalit ang isang nilalang dahil sa ginawang pagsunog ni Buboy sa puno. |
| 4. Sa tulong ng kaniyang mga naging kaibigan at tatag ng kaniyang loob, nasagip ni Buboy ang kaniyang lolo at lola at nakabalik sila sa kanilang tahanan. |
| 5. Naipakita sa kilos at pananalita ni Buboy ang pagiging magalang at mapagmahal na apo. May eksena sa simula na dahil sa takot ay nagsinungaling siya sa kaniyang lolo at lola. Ipinakita niya ang kaniyang pagmamahal sa kanila sa pamamagitan ng pagsagip sa kanila sa kabila ng kanyang takot. |
| 6. Matututuhan sa karakter ni Buboy ang mga katangian tulad ng pagiging matapang, mapagmahal na apo, tapat na kaibigan. Makikita din dito na dapat pahalagahan ang kalikasan kagaya ng natutunan ni Buboy sa mundo ng Elementalia. |

**Gawain B. Tanggapin ang wastong sagot ng mga mag-aaral.**

**Pag-alam sa Natutuhan**
A at B. Tanggapin ang wastong sagot ng mga mag-aaral.

**Pangwakas na Pagsusulit**
Tanggapin ang wastong sagot ng mga mag-aaral

## Sanggunian

DepEd Commons K12 MELCs